IÑIGO ED. REGALADO
*Patnugot*

GEMILIANO PINEDA
*Punong Manunulat*

# Ilang-Ilang

**Ligaya't Aliw ng Lahat ng Tahanan**

MARIANO JACINTO
*Tagapaglathala*

BONIFACIO LIMBO
*Tagapangasiwa ng Anunsiyo*

*Pasulatan at Tanggapan: Santamesa, Maynila*

**TAON I** **SABADO, NOBYEMBRE 3, 1945** **BLG. 3**

## Mga NILALAMAN Ngayon

ALAALA
*Tula ni Dapit-Hapon*

ANG KUROS NA PUTI
*Kuwento ni Miguel M. Cristobal*

ANG PANGANGALULWA NOONG ARAW
*Salaysay ni Daniel Manapat*

ALAALA SA ISANG PAG-IBIG
*Kuwento ni Gemiliano Pineda*

ANG KAMAY NG TADHANA
*Salaysay ni J. Santos Madlang-bayan*

ANG MAY DUSANG PUSO
*Nobela ni Iñigo Ed. Regalado*

NAKIPAGLARO SA PANAHON
*Kuwento ni L. Magsarili*

NALAGAS NA TALULOT
*Kuwento ni Liwayway A. Arceo*

ANG MULTO SA LIBINGANG LUMA
*Salaysay ni Mario Gat Salamat*

ANG "PAPEL DE HAPON"
*Salaysay ni Lope K. Santos*

ANG BUHAY NI FAUSTO
*Salaysay ni Cirilo Bognot*

IBONG WALANG PUGAD
*Tulambuhay ni I. Ed. Regalado*

ANG ASAWA NG "DIYOS NG ARAW" (*Alamat*)

ANG KUWENTO NI ANAS
*Ni Cirilo Bognot*

PATAK NG LUHA
*Tula ni "Panimdim"*

PAMPAARALAN
*Pitak ni Gng. A. F. Villanueva*

ILANG KATATAWANAN
MGA SALITANG MAGKAKA-SINGKAHULUGAN
PANGHULING TALATA

# ALAALA

*Nakita ko't napakinggan. Sila'y apat na babaing*
*sabay-sabay nagpagawa ng koronang malalaki;*
*hangga ngayon sila'y luksa't mga mata'y nagsasabing*
*sa ubod ng puso nila'y may damdaming naduhagi,*
*may-sugat na di-mabahaw, may tinik sa dili-diling*
*titiisin habang-buhay na may-antak araw-gabi.*

*Ang una ay isang ina ng anak na di-malaman*
*na kung saan napalibing na bukid o kabundukan,*
*alam niyang namatay na at namatay sa labanan*
*nguni't walang magbalita ng puntod na nalibingan;*
*kaya ngayon ang korona ay dadalhin sa simbahan*
*kasabay ng panalanging* sumalangit ang namatay!

*Ang isa pa ay babaing asawa ng kulang-palad*
*na lalaking naging sawi sa kamay ng mga uslak,*
*isang gabi ay kinuha't sapin-saping mga hirap*
*ang tiniis, at namatay, at kung saan itinambad;*
*kaya ngayon ang korona'y sa simbahan ilalagak*
*patungkol sa kaluluwang tahimik na* sa itaas.

*Ang ikatlo ay dalagang ang masuyong kasintahan*
*nakidigma't nakihamok sa malupit na kaaway,*
*kasama ng libu-libong sa sakit ay nangamatay*
*at nabaong kasama rin sa iisang hukay lamang;*
*kaya ngayon ang korona'y sa dambana ilalagay*
*kasaliw ang alaala't taimtim na pagdarasal.*

*At ang huli ay kapatid ng magiting na binatang*
*kapagdaka ay* lumabas *nang maringig na may-digma.*
*—"Ako, anya, ay lalaban"—lumayas na at nawala,*
*buhat noo'y di na kami nakatanggap ni balita,*
*walang salang namatay na...* Sumalangit siya nawa!
*Ito'y aking ilalagay sa paanan ng dambana.*

*Ako noo'y walang imik at ang nasok sa isipan*
*silang apat ay nagbuwis sa mithi ng Inang Bayan.*
*Kung mapalad ang nalibing sa may-kuros na libingan*
*ay lalo nang mapalad pa ang nabulid sa digmaan,*
*oo na nga't walang kuros ang libing na nahimlayan*
*ang naiwan namang tanda'y alaalang laging buhay.*

*DAPIT HAPON*